



# CLEAN CARS FOR ALL

## PANGKALAHATANG-IDEYA NG PROGRAMA

Ang mga residente ng Bay Area na may kwalipikadong kita ay **puwedeng makatanggap ng hanggang \$12,000 para magawa nilang ipapalit ang kanilang lumang sasakyan** at **bumili o mag-lease ng de-kuryenteng sasakyan** o kumuha ng **prepaid card** para sa **pampublikong transportasyon** o isang **e-bike!**

## PAGIGING KWALIPIKADO SA PROGRAMA

**Batay ang pagiging kwalipikado sa kita, paninirahan sa Distrito ng Hangin, at kwalipikadong sasakyan na hindi na gagamitin!**

1. Isa kang bagong aplikante sa isang programa ng grant sa pagpapalit ng sasakyan.
2. Isa kang residente ng Bay Area (na nasa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin)
3. Kwalipikado ang kita ng iyong sambahayan
4. Ang iyong hindi na gagamiting sasakyan ay may modelong 2007 o mas luma pa, ginamit sa California sa nakalipas na 2 taon, at wala pang 10,000 libra

**Para maging kwalipikado sa Clean Cars for All,** dapat ay mas mababa sa aming limitasyon sa kita ang taunang kita ng iyong sambahayan. Ipinapakita ang mga limitasyong ito sa talahanayan sa ibaba.






| Laki ng Sambahayan                                  | Limitasyon sa Taunang Kita ng Sambahayan |
|---|--|
| 1   | \$45,180                                 |
| 2   | \$61,320                                 |
| 3   | \$77,460                                 |
| 4   | \$93,600                                 |
| 5   | \$109,740                                |
| 6   | \$125,880                                |
| 7   | \$142,020                                |
| Magdagdag ng \$16,140 para sa bawat karagdagang tao |  |

## PROSES NG APLIKASYON

1. Sumagot ng aplikasyon para makumpirma kung kwalipikado ka sa [BAAQMD.gov/CleanCarsforAll](http://BAAQMD.gov/CleanCarsforAll)
2. Dalhin ang luma mong sasakyan na may modelong 2007 o mas luma pa sa isang awtorisadong dismantler para makumpirma ang mga kinakailangan sa sasakyan.
3. Kung matutugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at mabibigyan ka ng grant, makatanggap ka ng liham ng award mula sa Distrito ng Hangin.
4. Bumili o mag-lease ng bago o nagamit nang kwalipikadong de-kuryenteng sasakyan mula sa isang awtorisadong dealership o makatanggap ng prepaid na card para sa pampublikong transportasyon o isang e-bike.
5. Dalhin ang luma mong sasakyan sa isang naaprubahang dismantler para sa pag-scrap.

## MGA HALAGA NG GRANT

| Opsyon sa Clean na Transportasyon  | Halaga ng Gawad | +Census Tract ng DAC <sup>2</sup> |
|--|-----------------|-----------------------------------|
|  Plug-In Hybrid <sup>1</sup>                        | \$9,500         | \$11,500                          |
|  De-bateryang De-kuryente <sup>1</sup>             | \$10,000        | \$12,000                          |
|  De-kuryenteng Sasakyan na Gumagamit ng Fuel Cell | \$10,000        | \$12,000                          |
|  Opsyon sa Mobility                               | \$7,500         | \$7,500                           |

<sup>1</sup> May available na hanggang \$2,000 para sa rebate sa isang EV charger, portable charge, o public charge card.

<sup>2</sup> Ang mga kalahok na nakatira sa isang census tract ng Disadvantaged na Komunidad (Disadvantaged Community, DAC) ay posibleng magkwalipikang makatanggap ng dagdag na \$2,000 na pondo sa grant Para malaman kung nakatira ka sa isang DAC, bisitahin ang link sa ibaba.

Para sa higit pang impormasyon, at para malaman kung kwalipikado ka, bisitahin ang [BAAQMD.gov/CleanCarsforAll](http://BAAQMD.gov/CleanCarsforAll) o makipag-ugnayan sa **855.256.3656** o [CleanCar@GridAlternatives.org](http://CleanCar@GridAlternatives.org). Batay ang grant sa paninirahan mo sa labas o sa loob ng isang census tract ng DAC, at opsyon sa clean na transportasyon. Depende sa pondo, posibleng hindi lahat ng opsyon ay available.



**CLEAN CARS  
FOR ALL**

